

## **Mga Pamamaraan sa Pagreklamo ng Diskriminasyon ng Hindi Empleyado**

Ang mga pamamaraang ito ay nagbibigay ng patnubay para sa lahat ng reklamo na inihain sa ilalim ng Pamagat VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964, Seksyon 504 ng Batas a Rehabilitasyon ng 1973, ang Batas sa Diskriminasyon sa Edad ng 1975, Seksyon 13 ng Batas ng Pederal sa Pagkontrol ng Polusyon sa Tubig ng 1972, at Pamagat IX ng mga Pagbabago sa Edukasyon ng 1972, 40 C.F.R. 7.100 (Pagbabawal sa Pananakot at Paghihiganti), at anumang iba pang naaangkop na batas pederal o estado (ang “Mga Batas”), kapag nauugnay ang mga ito sa anumang programa o aktibidad na pinamamahalaan ng Kagawaran ng Agrikultura ng Hawaii (“HDOA”), o ng mga tagapayo, kontratista at vendor nito. Bukod sa mga pamamaraang ito, ang mga nagreklamo ay may karapatang maghain ng isang pormal na reklamo sa ibang mga ahensya ng Estado o Pederal o maghanap ng pribadong abogado para sa mga reklamong nagsasaad ng diskriminasyon.

Ang mga pamamaraang ito ay alinman sa hindi makakapigil, hindi makakahadlang sa hindi nararapat na paraan, o makakagambala sa HDOA mula sa pagsasagawa ng mga tungkulin nitong pang-administratibo o pang-regulasyon kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagpapahintulot, pagpapasiya o pagpapatupad ng mga operasyon. Ang mga pamamaraang ito ay hindi nalalapat sa mga desisyon o pagkilos sa pagkuha ng empleyado ng kagawaran. Ang mga pamamaraang ito ay hindi pumapalit o gumagana bilang kapalit ng mga karapatan na ayon sa batas sa apela na nagbibigay-daan para dito sa mga batas sa pagkontrol ng HDOA.

Ang mga Pamamaraan sa Pagreklamo ng Diskriminasyon ng Hindi empleyado na ito ay nag-a-update sa patakaran at mga pamamaraan, kasama na ang mga form ng reklamo, na kung saan ay dapat lutasin ng Departamento ng Agrikultura ng Estado ng Hawai'i ang lahat ng reklamo sa diskriminasyon ng hindi empleyado na isinampa sa Kagawaran. Tinatanggal nito ang anuman at lahat ng mga nakaraang pamamaraan ng pagreklamo ng diskriminasyon ng hindi empleyado at mga form ng pagreklamo.

### **I. PAMAMARAAN PARA SA PAGSUMITE NG MGA REKLAMO NG DISKRIMINASYON**

- (1) Nalalapat ang patakarang ito sa mga hindi empleyado na apektado ng mga desisyon na ginawa ng mga programa ng HDOA. Ang sinumang hindi empleyado na sa mabuting pananampalataya ay naniniwalang nadiskrimina siya ng HDOA, batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, o anumang iba pang klase na protektado sa ilalim ng naaangkop na batas ng pederal o estado, o pananakot o pagganti dahil sa paggamit ng kanyang mga karapatan, ay maaaring magsumite ng isang nakasulat na reklamo sa Tumatayong Tagakoordina ng HDOA sa Hindi Pagdidiskrimina (Acting Non-Discrimination Coordinator) na si Morris Atta, sa 1428 S. King St., Honolulu, HI 96814. Ang isang Form ng Pagreklamo ng Diskriminasyon ay handang magamit on-line sa:  
<http://hdoa.hawaii.gov/blog/main/discriminationcomplaints/>
- (2) Ang mga pormal na reklamo ay dapat isampa sa loob ng siyamnapung (90) araw ng kalendaryo mula sa pinakabagong insidente ng hinihinalang diskriminasyon, o ang

petsa kung kailan nalaman ang sinasabing diskriminasyon ng (mga) nagrereklamo, o kung mayroong nagpapatuloy na kaganapan ng gawi, ang petsa kung kailan itinigil ang gawi o ang pinakahuling kaganapan ng gawi.

- (3) Ang mga reklamo ay dapat na nakasulat at nilagdaan ng (mga) nagrereklamo. Dapat tukuyin ng reklamo ang nagrereklamo at dapat isama ang:
  - a. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng nagrereklamo kasama ang pangalan at apelyido, address, lungsod, estado, zip code, numero ng telepono, at e-mail address (kung naaangkop);
  - b. Kung ang nagrereklamo ay mayroong kinatawan at kung gayon, ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng kinatawan kabilang ang pangalan at apelyido, address, lungsod, estado, zip code, numero ng telepono, at e-mail address (kung naaangkop);
  - c. Pagkilala sa protektadong pag-uuri kung saan nakabatay ang hinihinalang paglabag;
  - d. Isang partikular at detalyadong paglalarawan sa gawi na pinaghihinalaan ng nagrereklamo bilang diskriminasyon;
  - e. Ang petsa ng sinasabing aktibidad ng diskriminasyon, o ang saklaw ng petsa (kasama ang pinakabagong petsa) kung ang hinihinalang aktibidad na diskriminasyon ay dulot ng isang nagpapatuloy na kaganapan ng gawi;
  - f. Isang partikular na paglalarawan sa anumang masamang epekto na sinasabing naganap o magaganap; at
  - g. Malinaw na tinutukoy ang mga hinihinalang partido na gumawa ng sinasabing aktibidad ng diskriminasyon.
- (4) Ang reklamo ay dapat maihahatid sa pamamagitan ng koreo o personal sa Opisina ng Tagapangulo ng HDOA sa 1428 S. King St., Honolulu, HI 96814 o email sa: [hdoa.titlevi@hawaii.gov](mailto:hdoa.titlevi@hawaii.gov). Dapat ipadala ang mga fax na reklamo sa: (808) 973-9613.
- (5) Ang mga paratang na natanggap sa pamamagitan ng fax o email ay dapat na sundan ng isang papel na kopya ng reklamong fax o email na may orihinal na (mga) pirma. Ang mga fax o email na kopya ng reklamo ay kikilalanin ngunit hindi mapoproseso hangga't ang orihinal ng fax o email transmittal ng reklamo na may orihinal na (mga) pirma ay natanggap ng Tanggapn ng Tagapangulo ng HDOA.

- (6) Sa mga pagkakataong hindi maisumite ng nagrereklamo ang nakasulat na reklamo, o nangangailangan ng tulong sa paghain ng reklamo dahil sa limitadong kasanayan sa Ingles o kapansanan, ngunit hiniling na imbestigahan ng HDOA ang sinasabing labag sa batas na diskriminasyon, ang nagrereklamo ay maaaring magsumite ng pasalitang reklamo sa Tagakoordina ng Hindi Pandidiskrimina sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono ng pangunahing tanggapan ng HDOA: (808) 973-9560.
- (7) Ang mga paratang na natanggap sa pamamagitan ng telepono ay isusulat at ipapasa sa (mga) nagrereklamo para sa kumpirmasyon o rebisyon, pirma at ibabalik para sa pagproseso. Ang mga reklamo sa telepono ay kikilalanin ngunit hindi mapoproseso hangga't ang nakasulat na reklamo (nakumpirma o binago at nilagdaan ng nagrereklamo) ay natanggap ng Tanggapan ng Tagapangulo ng HDOA.
- (8) Kapag hiniling, magbibigay ang HDOA ng tulong sa pagsasalin nang walang gastos para sa mga nagrereklamo na may limitadong kasanayan sa Ingles. Ang nagrereklamo na may limitadong kasanayan sa Ingles ay maaari ring makakuha ng tulong mula sa ibang tao sa pagkumpleto ng form ng Reklamo, ngunit ang form ay dapat pirmahan at kumpirmahin ng nagrereklamo.
- (9) Kikilalanin ng HDOA ang pagtanggap ng reklamo sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo matapos matanggap ang reklamo. Ang Tagakoordina ng HDOA sa Hindi Pandidiskrimina ay rerepasuhin ang form ng reklamo upang matukoy ang hurisdiksyon at mapatunayan ang intensyon ng (mga) nagrereklamo na magpatuloy sa reklamo.
- (10) Sa loob ng tatlong (30) araw ng kalendaryo mula sa pagkilala sa pagtanggap ng Reklamo, aabisuhan ng HDOA ang nagrereklamo kung nagbibigay-katwiran ang mga impormasyon na magsagawa ang HDOA ng ganap na pagsisiyasat sa mga paratang. Kung nagbibigay-katwiran, papayuhan pa ng HDOA ang nagrereklamo kung magsasagawa ang HDOA ng ganap na pagsisiyasat, o kung ipapasa ang Reklamo sa ibang ahensya para sa pagsisiyasat.
- (11) Ang HDOA ay hindi nananakot, nagbabanta, pumipilit, o nandidiskrimina laban sa sinumang indibidwal o grupo sa hangaring makagambala sa anumang karapatan o pribilehiyong ginagarantiyahan sa ilalim ng mga batas ng pederal sa paglaban sa diskriminasyon, o dahil nagsumite ang isang indibidwal ng reklamo o nagpatotoo, tumulong, o lumahok sa anumang paraan sa isang pagsisiyasat, paglilitis, o pagdinig na nauugnay sa mga batas ng pederal sa paglaban sa diskriminasyon, o sumalungat sa anumang kasanayan na ginawang labag sa batas ng mga batas ng pederal laban sa diskriminasyon. Ang mga empleyado ng HDOA ay hindi dapat maghiganti, manakot, magbanta, mamilit, o mandiskrimina laban sa indibidwal o grupo para sa hangarin na makagambala sa anumang karapatan o pribilehiyong ipinagkakaloob ng Mga Batas, o dahil ang isang indibidwal ay nagsumite ng isang reklamo o nagpatotoo, tumulong, o lumahok sa anumang paraan sa isang pagsisiyasat sa ilalim ng patakarang ito

o sumalungat sa anumang kasanayan na ginawang labag sa batas ng Mga Batas, at hindi rin hinahayaan ng HDOA ang mga naturang pagkilos. Ang paghihiganti ay isang seryosong paglabag sa patakaran at batas na ito at dapat iulat agad sa Tagakoordina ng HDOA sa Hindi Pandidiskrimina.

- (12) Upang humiling ng wika o kakayahang mag-access para sa pagkumpleto ng form ng reklamo mangyaring makipag-ugnayan sa Opisina ng Tagapangulo ng HDOA sa (808) 973-9560 o mag-email sa: [hdoa.info@hawaii.gov](mailto:hdoa.info@hawaii.gov). Mangyaring maglaan ng sapat na oras para matugunan ng HDOA ang mga kahilingan sa akomodasyon.
- (13) Para sa mga reklamo ng empleyado ng Kagawaran ng Agrikultura ng Hawai'i, mangyaring makipag-ugnayan sa: Tanggapan ng HDOA sa Human Resources sa (808) 973-9481 o mag-email sa: [hdoa.hr@hawaii.gov](mailto:hdoa.hr@hawaii.gov).

## II. PAMAMARAAN PARA SA IMBESTIGASYON NG MGA REKLAMONG DISKRIMINASYON NA KINASASANGKUTAN NG HDOA

- (1) Sa paghuhusga ng HDOA, ang mga reklamo sa diskriminasyon laban sa HDOA ay maaaring maipadala sa ahensya ng ikatlong partido upang humiling ng tulong sa pagsisiyasat.
- (2) Ang Tagakoordina ng HDOA sa Hindi Pandidiskrimina ay mayroong isandaan at walumpung (180) araw ng kalendaryo upang siyasatin ang reklamo, maliban kung natukoy na batay sa pagiging kumplikado ng reklamo ay kailangan ng karagdagang oras. Kung natukoy na kinakailangan ng karagdagang oras para sa pagpapalabas ng nakasulat na desisyon, ang tinukoy na bilang ng mga araw kung saan mapapalawig ang pagsusuri ng reklamo ay ibibigay nang nakasulat sa nagrereklamo.
- (3) Ang “Paunang Pagsuri sa Ebidensya” ang pamantayan kung saan dapat patunayan ang mga reklamong diskriminasyon ng hindi empleyado. Kinakailangan ng pamantayang ito na, para sa paghahanap ng diskriminasyon, dapat ipakita ng katibayan at patotoo na mas malaki ang posibilidad kaysa sa hindi (iyon ay, higit sa 50% na posibilidad) na ang HDOA ay nagdulot ng pinsala dahil sa isang pandidiskriminang pagkilos.
- (4) Kung kailangan ng karagdagang impormasyon upang malutas ang kaso, maaaring makipag-ugnayan ang Tagakoordina ng HDOA sa Hindi Pandidiskrimina sa (mga) nagrereklamo. Ang (mga) nagrereklamo ay may hindi lalampas sa tatlung (30) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pakikipag-ugnayan upang magpadala ng anumang hinihiling na impormasyon sa Tagakoordina ng HDOA sa Hindi Pandidiskrimina na nakatalaga sa kaso. Kung ang Tagakoordina ng HDOA sa Hindi Pandidiskrimina ay hindi naka-ugnayan ng (mga) nagrereklamo o hindi natanggap ang karagdagang impormasyon mula sa (mga) nagrereklamo sa loob ng tatlung (30) araw ng

kalendaryo, maaaring isara sa administratibong paraan ng Tagakoordina ng HDOA sa Hindi Pandidiskrimina ang kaso. Maaari ring maisara ang kaso sa administratibong paraan kung ayaw nang ipagpatuloy ng nagrereklamo ang kanilang kaso.

- (5) Matapos makumpleto ang pagsisiyasat, aabisuhan ang mga partido sa kalalabasan. Dapat magpapalabas ng liham na nagbuuod ng mga natuklasan sa pagsisiyasat, at kung mayroon o walang paglabag sa patakaran ng HDOA sa hindi pandidiskrimina. Sa mga pagkakataong walang natuklasang paglabag, aabisuhan ang mga partido tungkol dito at isasara na ang kaso. Sa mga kaso na lumilitaw na mayroong paglabag, dapat maabisuhan ang mga partido na dapat gawin ang naaangkop na pagkilos upang matiyak na mahinto ang hinihinalang (mga) gawing diskriminasyon. Ang mga nagrereklamo ay aabisuhan tungkol sa kanyang karapatang ituloy ang iba pang mga paraan ng paglutas.
- (6) Ang nagrereklamo na hindi nasiyahan sa desisyon ng Tagakoordina ng HDOA sa Hindi Pandidiskrimina ay maaaring maghain ng reklamo sa Kagawaran ng Hawai'i sa mga Karapatang Sibil sa (808) 586-8636, o sa pamamagitan ng pag-email sa DLIR.HCRC.INFOR@hawaii.gov.

### III. PAMAMARAAN PARA SA IMBESTIGASYON NG MGA REKLAMONG DISKRIMINASYON NA KINASASANGKUTAN NG MGA SUBRECIPIENTS NG HDOA

- (1) Iimbestigahan ng HDOA ang mga reklamo na diskriminasyon laban sa kanyang mga subrecipient (ibig sabihin, mga tagapayo, mga vendor, at mga kontratista).
- (2) Para sa mga reklamong diskriminasyon na inihain laban sa mga subrecipient ng HDOA (ibig sabihin, mga tagapayo, vendor, at mga kontratista) ang HDOA ang sasaklaw sa hurisdiksyon at magsisiyasat at tutukoy sa kaso.
- (3) Susundan dapat ng HDOA ang mga hakbang na inilaan sa Artikulo II, PAMAMARAAN PARA SA IMBESTIGASYON NG MGA REKLAMONG DISKRIMINASYON NA KINASASANGKUTAN NG HDOA.

### IV. PAMAMARAAN PARA SA IMBESTIGASYON NG MGA REKLAMONG DISKRIMINASYON NG IKATLONG PARTIDONG AHENSYA

- (1) Sa paghuhusga ng HDOA, ang mga reklamong diskriminasyon laban sa HDOA ay maaaring maipadala sa ikatlong partidong ahensya (third party agency, TPA) para sa tulong sa pagsisiyasat. Kung ang TPA ay ginamit, pananatilihin ng HDOA ang responsibilidad para sa proseso ng hinaing.

- (2) Tutukuyin at aabisuhan ng Tagakoordina ng HDOA sa Hindi Pandiskrimina ang TPA tungkol sa reklamo ng diskriminasyon na inihain laban sa HDOA sa loob ng pitumpu't dalawang (72) oras o tatlong (3) araw ng kalendaryo mula nang matanggap ang reklamo. Susundan ng TPA ang mga pamamaraan sa hinaing ng HDOA para sa pagsisiyasat sa reklamo.
- (3) Para sa mga reklamo sa diskriminasyon na inihain laban sa HDOA na inirekomenda sa at tinanggap ng TPA, ang HDOA ay may isang daan at walumpung (180) araw ng kalendaryo para maimbestigahan ang reklamo, maliban kung natukoy na batay sa pagiging kumplikado ng reklamo ay kailangan ang karagdagang oras. Kung natukoy na kinakailangan ng karagdagang oras para sa pagpapalabas ng nakasulat na desisyon, magbibigay ang HDOA ng tukoy na bilang ng mga araw kung saan mapapalawig ang pagsusuri ng reklamo nang nakasulat sa nagrereklamo.
- (4) Ang “Paunang Pagsuri sa Ebidensya” ang pamantayan kung saan dapat patunayan ang mga reklamong diskriminasyon ng hindi empleyado. Kinakailangan ng pamantayang ito na, para sa paghahanap ng diskriminasyon, dapat ipakita ng katibayan at patotoo na mas malaki ang posibilidad kaysa sa hindi (iyon ay, higit sa 50% na posibilidad) na ang HDOA ay nagdulot ng pinsala dahil sa isang pandiskriminang pagkilos.
- (5) Kung kailangan ng karagdagang impormasyon upang malutas ang kaso, maaaring makipag-ugnayan ang TPA sa (mga) nagrereklamo. Ang (mga) nagrereklamo ay may hindi lalampas sa tatlung (30) araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pakikipag-ugnayan para magpadala ng anumang hiniling na impormasyon sa imbestigador na nakatalaga sa kaso. Kung ang imbestigador ay hindi nakipag-ugnayan sa (mga) nagrereklamo o hindi nakatanggap ng karagdagang impormasyon mula sa (mga) nagrereklamo sa loob ng tatlung (30) araw ng kalendaryo, aabisuhan ng TPA ang HDOA at maaaring isara ng HDOA ang kaso sa administratibong paraan. Maaari ring maisara ang kaso sa administratibong paraan kung ayaw nang ipagpatuloy ng nagrereklamo ang kanilang kaso.
- (6) Matapos makumpleto ang pagsisiyasat at ang ulat ng pagsisiyasat ay nasuri at napagtibay na ng HDOA, maglalabas ng sulat ang HDOA na nagbubuod sa mga natuklasan sa pag-iimbestiga, at kung mayroon o walang paglabag sa patakaran ng hindi pandiskrimina ng HDOA. Sa mga pagkakataong walang natuklasang paglabag, aabisuhan ng HDOA ang nagrereklamo tungkol dito at isasara na ang kaso. Sa mga kaso na lumilitaw na mayroong paglabag, aabisuhan ng HDOA ang nagrereklamo na dapat gawin ang naaangkop na pagkilos upang matiyak na mahinto ang hinihinalang (mga) gawing diskriminasyon. Ang mga nagrereklamo ay aabisuhan tungkol sa kanyang karapatang ituloy ang iba pang mga paraan ng paglutas.
- (7) Ang nagrereklamo na hindi nasiyahan sa desisyon ng HDOA ay maaaring maghain ng reklamo sa Kagawaran ng Hawaii sa mga Karapatang Sibil sa (808) 586-8636, o sa pamamagitan ng pag-email sa DLIR.HCRC.INFOR@hawaii.gov.

Ang Kagawaran ng Agrikultura ng Hawaii ay nakatuon sa pagbibigay ng makabuluhang pag-access. Upang humiling ng pagsasalin, interpretasyon, pagbabago, akomodasyon, o iba pang mga pantulong na tulong o serbisyo, makipag-ugnayan sa Opisina ng Tagapangulo ng HDOA sa (808) 973-9560 o mag-email sa [hdoa.info@hawaii.gov](mailto:hdoa.info@hawaii.gov). Mangyaring maglaan ng sapat na oras para matugunan ng HDOA ang mga kahilingan sa akomodasyon.



Kagawaran ng Agrikultura ng Hawai'i  
 1428 S. King Street  
 Honolulu, Hawaii 96814  
 Telepono: (808) 973-9560 • FAX: (808) 973-9418  
 Email: hdoa.titleVI@hawaii.gov

## Form ng Reklamo ng Diskriminasyon ng Hindi empleyado

<b>Seksyon I:</b>		
Pangalan ng Nagrereklamo (Pangalan at Apelyido):		
Address:		
Telepono (Tahanan):	Telepono (Trabaho):	
Elektronikong Mail Address:		
Naa-access na mga Kinakailangan sa Format?	Malaking Printa <input type="checkbox"/>	Audio Tape <input type="checkbox"/>
	TDD <input type="checkbox"/>	Iba pa <input type="checkbox"/>
<b>Seksyon II:</b>		
Mayroon bang kinatawan ang nagrereklamo?	Oo* <input type="checkbox"/>	Hindi <input type="checkbox"/>
<i>*Kung sumagot ka ng “oo” sa katanungang ito, magbigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng kinatawan.</i>		
Pangalan ng Kinatawan (Pangalan at Apelyido):		
Address:		
Telepono (Tahanan):	Telepono (Trabaho):	
Elektronikong Mail Address:		
Mangyaring kumpirmahing nagbigay ka ng pahintulot sa kinatawan na kumatawan sa iyo sa bagay na ito.	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi



<b>Seksyon III:</b>		
Naniniwala ako na ang diskriminasyong naranasan ko ay batay sa (tsekan ang lahat ng nalalapat):		
Lahi <input type="checkbox"/>	Kulay <input type="checkbox"/>	Bansang Pinagmulan <input type="checkbox"/>
Kapansanan <input type="checkbox"/>	Paghihiganti <input type="checkbox"/>	Iba pa <input type="checkbox"/> _____.
<b>Petsa ng Sinasabing Diskriminasyon (Buwang, Araw, Taon):</b>		
_____.		
Ipaliwanag nang malinaw hangga't maaari kung ano ang nangyari at kung bakit naniniwala kang nakaranas ka ng diskriminasyon. Ilarawan ang lahat ng taong kasangkot. Isama ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng (mga) tao na gumawa ng diskriminasyon laban sa iyo (kung alam) pati na rin mga pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng sinumang mga saksi. Kung mas maraming puwang ang kailangan, mangyaring gumamit at maglakip ng nakahiwalay na papel.		

**Seksyon III (patuloy):**

<b>Seksyon IV:</b>		
Ilarawan ang pinsala na sinasabing naganap, o magaganap, dahil sa sinasabing diskriminasyon. Kung mas maraming puwang ang kailangan, mangyaring gamitin ang likod ng form na ito o gumamit at maglakip ng nakahiwalay na papel.		
<b>Seksyon V:</b>		
Kilalanin ang mga partido na sinasabing sumailalim sa, o potensyal na naapektuhan ng, ng hinihinalang diskriminasyon.		
<b>Seksyon VI:</b>		
Naghain ka ba dati ng reklamo ng diskriminasyon sa ahensya na ito?	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
Kung oo, mangyaring magbigay ng anumang impormasyong sanggunian tungkol sa iyong dating reklamo.		

<b>Seksyon VII:</b>
Naihain mo ba ang reklamo na ito sa anumang iba pang Pederal, Estado, o lokal na ahensya, o sa anumang korte ng Pederal o Estado? <input type="checkbox"/> Oo <input type="checkbox"/> Hindi Kung oo, pangalanan ang lahat ng nalalapat: Ahensya ng Pederal: Pederal na Hukuman: Korte ng Estado: Ahensya ng Estado: Lokal na Ahensya:
Kung oo, mangyaring magbigay ng impormasyon tungkol sa taong nakaugnayan sa ahensya/korte kung saan inihain ang reklamo.
Pangalan:
Pamagat
Ahensya:
Address:
Telepono:
<b>Seksyon VIII:</b>
Ang pangalan ng ahensya na inaakusahan ng reklamo:
Ang pangalan ng tao na inaakusahan ng reklamo:
Pamagat
Lokasyon:
Numero ng Telepono (kung mayroon):

Maaari kang maglakip ng anumang nakasulat na materyales o iba pang impormasyon na sa tingin mo ay nauugnay sa iyong Reklamo. Ang iyong lagda at ang petsa ay kinakailangan sa ibaba.

\_\_\_\_\_

Lagda ng Nagrereklamo

\_\_\_\_\_

Petsa

Mangyaring isumite nang personal ang form na ito sa address sa ibaba, o ipadala ang form na ito sa:

Hawai'i Department of Agriculture  
1428 S. King Street, Honolulu, HI 96814

Tagakoordina ng Hindi Pandiskrimina, (808) 973-9560, [hdoa.titlevi@hawaii.gov](mailto:hdoa.titlevi@hawaii.gov)

Ang form ng reklamo ay makikita din online sa:

<http://hdoa.hawaii.gov/blog/main/discriminationcomplaints/>

Para sa mga reklamo ng empleyado ng Kagawaran ng Agrikultura ng Hawai'i, mangyaring makipag-ugnayan sa: Tanggapan ng HDOA sa Human Resources sa (808) 973-9481 o mag-email sa [hdoa.hr@hawaii.gov](mailto:hdoa.hr@hawaii.gov).

Ang Kagawaran ng Agrikultura ng Hawaii ay nakatuon sa pagbibigay ng makabuluhang pag-access. Upang humiling ng pagsasalin, interpretasyon, pagbabago, akomodasyon, o iba pang mga pantulong na tulong o serbisyo, makipag-ugnayan sa Opisina ng Tagapangulo ng HDOA sa (808) 973-9560 o mag-email sa [hdoa.info@hawaii.gov](mailto:hdoa.info@hawaii.gov). Mangyaring maglaan ng sapat na oras para matugunan ng HDOA ang mga kahilingan sa akomodasyon.